THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#565 MAY 01-15, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# 12th International Conference on Machine Operations & Engineering 2026



Welcome to the 2026 International Conference on Machine Operations & Engineering Innovation!

Join us at The Alexandra Hotel for a gathering of industry experts, innovators, and enthusiasts in the field of machine operations and engineering. This in-person event promises to be a hub of knowledge exchange, networking opportunities, and cutting-edge discussions.

Don't miss out on the chance to explore the latest trends, technologies, and breakthroughs in the world of machine operations. Whether you're a seasoned professional or a curious newcomer, this conference is the perfect place to expand your horizons and connect with like-minded individuals.

Mark your calendars for a memorable experience at the 2026 International Conference on Machine Operations & Engineering Innovation. We can't wait to see you there!

### Advancing Automation, Precision, and Safety in Machine Operations

The 2026 International Conference on Machine Operations & Engineering Innovations aims to bring together experts, engineers, industry leaders, and researchers to explore the latest advancements in machine operation, automation, and engineering. This event will highlight the impact of Industry 4.0, AI-driven automation, and safety innovations in various industries, including manufacturing, construction, and logistics.

### Key Topics:

- The Future of Machine Operation: AI and Auto mation Integration
- Enhancing Efficiency and Safety in Industrial Machines
- Robotics and Smart Machinery in Manufac turing
- Machine Learning Applications in Industri al Processes
- Engineering Innovations for Sustainable and Energy-Efficient Machines
- Best Practices in Machine Maintenance and Risk Management
- Workforce Develop ment: Training the Next Generation of Machine Operators
- Industry 4.0 and the Role of IoT in Machine Operations

### Who Should Attend?

- Engineers and Machine Operators
- Manufacturing & Indus trial Professionals
- Automation and Robot - ics Experts
- Safety and Compliance Officers
- Researchers and Academics
- Equipment Manufacturers and Suppliers

### Registration Information:

Tickets are available for individual attendees, corporate groups, and students. Don't miss your chance to be a part of the 2026 International Conference on Machine Operations & Engineering Innovation! in Toronto. Register now to secure your spot and take your career or business to the next level! *-GlobalTech Zone*

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Usec. Castro kay VP Sara: 'Lahat ng kasalanan sa mundo, isisisi niya sa Pangulo!'



Atty. Claire Castro
*Presidential Communications Office (PCO) Undersecretary at Palace Press Officer*

**PILIPINAS** —Niresbakan ni Presidential Communications Office (PCO) Undersecretary at Palace Press Officer Atty. Claire Castro si Vice President Sara Duterte matapos nitong iugnay si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. sa nagaganap na impeachment proceedings laban sa kaniya.

Kasunod ito ng binitawang alegasyon ni VP Sara kaugnay sa umano'y pagsuporta ni PBBM sa mga paratang ni dating Sen. Antonio Trillanes IV sa kaugnayan niya sa umano'y pangungulimbat ng bilyon-bilyong salapi.

***"Wala naman po tayong maaasahang magandang salita na manggagaling sa Bise Presidente patungkol sa ating Pangulo,"*** saad



Vice President Sara Duterte

ni Usec. Castro sa kaniyang pakikipanayam sa programang Balitanghali kamakailan, Abril 24, 2026.

Giit niya, ***"Lahat na lang ng kasalanan sa mundo ay isisisi niya sa Pangulo."***

Anang press officer, kahit ang mga umano'y extrajudicial killings (EJK) ay isisisi pa rin ng Bise Presidente kay PBBM.

***"Pati 'yong mga EJK na ginawa ng kaniyang ama diumano, ay isinisisi niya pa rin sa Pangulo,"*** anang press officer.

Aniya, ***"Ang nangyayari sa kanila, ang sisisihin niya po ay ang Pangulo—at 'yan po naman ay wala pong kinalaman kung ang transaksyon po na ito ay [noong] dati pa siyang mayor, dati siyang vice mayor, wala pa po sa posisyon bilang Presidente si Pangulong Marcos, Jr."***

***So 'yong mga transaksyon na umikot at naipakita po ng AMLC na bilyon-bilyong piso, hindi naman po kasama ang Pangulo sa transaksyong kaniyang pinapalooban. So papaano magiging kasalanan ng Pangulo ito?"*** *pagtatapos niya.*

Samantala, wala pang inilalabas na komento si VP Sara kaugnay sa mga binitawang pahayag ni Usec. Castro patungkol sa kaniya. *-BALITA PILIPINAS*

# Royina Garma, posibleng tumestigo sa ICC trial ni FPRRD

**PILIPINAS** -Posibleng tumestigo si dating Police Colonel Royina Garma sa paglilitis ng International Criminal Court (ICC) laban kay dating Pangulong Rodrigo Duterte kaugnay ng mga patayan sa ilalim ng 'war on drugs.'

kinumpirma ni dating Senador Antonio Trillanes IV na natanggap niya ang impormasyon tungkol sa posibleng pagtestigo ni Garma, na aniya ay bahagi ng mga naunang isiniwalat nila tungkol sa extrajudicial killings sa Pilipinas sa ICC.

Bagaman hindi pa tiyak ang eksaktong laman ng kanyang magiging testimonya, nauna nang humarap si Garma sa isang komite ng Kamara de Representantes kung saan tinalakay ang umano'y implementasyon ng tinatawag na "Davao Model."

Ito ay sinasabing sistema ng gantimpala para sa pagpatay sa mga hinihinalang sangkot sa iligal na droga.

Ayon kay Trillanes, bukod kay Garma, inaasahan ding tumestigo sa ICC ang iba pang personalidad tulad ng mga umano'y dating hitman na sina Edgar Matobato at Arturo Lascañas, na dati nang nagbigay ng pahayag tungkol sa mga alegasyon ng patayan.

Patuloy pang inaantabayanan ang opisyal na kumpirmasyon mula sa ICC kaugnay ng mga saksi at



Former Police Colonel Royina Garma

saklaw ng kanilang testimonya sa kaso.-

*- Ulat ng Bombo News Phils*

# 'Military-backed People Power' na isiniwalat ni Sen. Lacson, paiimbestigahan ng Malacañang!

Nagbigay ng reaksiyon ang Palasyo hinggil sa ibinunyag na impormasyon ni ***Senate Pro Tempore Ping Lacson*** na umano'y ilang mga retiradong opisyal ng militar ang nagpaplano ng "People Power Revolution" laban sa administrasyon ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr.

Ayon sa awtoridad, sinabi ni Lacson na nakarating sa kaniyang kaalaman ang tungkol sa balak na paghingi ng tulong ng mga nabanggit na retiradong military officers sa kasalukuyang hanay ng kasundaluhan sa Armed Forces of the Philippines (AFP).

Aniya pa, batay raw sa kaniyang source, hindi umano uusad ang nabanggit na balak.

Nagbigay naman ng pahayag tungkol dito si Presidential Communications Office (PCO) Undersecretary at Palace Press Officer Atty. Claire Castro, sa isinagawang press briefing nitong Lunes, Abril 27.

Ayon kay Castro, nararapat daw na imbestigahan na ito kahit na wala pang utos mula sa Pangulo.

"Unang-una po, kung ito ay mapapatunayan, dahil si Senator Lacson naman ay hindi natin matatawaran kapag nagsalita ito, ito ay may resibo. So, muli ang mga investigating bodies natin, hindi na po kayo kailangang utusan, gawin na po ninyong mag-imbestiga," aniya. ●

# NBI tutugisin hitman: 'Kill plot ni VP Sara VS PBBM

**Kumbinsido si National Bureau of Investigation (NBI) Director Melvin Matibag na ang banta ni Vice President Sara Duterte noong 2024 na papatayin si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ay planado at hindi metaphor o offhand remark dahil totoong may kinausap umano ito para gawin ang misyon.**

Sa Saturday News Forum sa Dapo Restaurant sa Quezon City, sinabi ni Matibag na masusing sinisiyasat ng NBI ang bantang ito at sa katunayan ay tinutugis na nila ang indibiduwal na sinasabing kinausap ng Bise Presidente para patayin si Marcos.

"What we know, ito [ang sinasabi] namin sa findings namin, that is something na ginawa niya na spur of the moment na parang sasabihin na ano lang siya, metaphor lang siya, hyperbole lang. That is planned, actually," diin ni Matibag.

"So alam namin na meron talagang kinausap, but we want to find out who is that person," dagdag pa niya.

Sa live press conference noong November 2024, sinabi ni Duterte na mayroon na siyang nakausap para patayin ang Presidente, si First Lady Liza Araneta-Marcos, at noon ay si Speaker Ferdinand Martin G. Romualdez kapag may nangyaring masama sa kanya. Binanggit pa niyang hindi siya nagbibiro.

Ang banta ni Duterte ay isa sa seryosong charges




**Director Melvin Matibag**

National Bureau of Investigation (NBI

ng impeachment complaints laban sa kanya, kasama na ang alegasyon ng unexplained wealth at paglustay sa confidential funds.

Nakatakdang talakayin ng House Committee on Justice ang kill plot ni Duterte sa hearing sa Abril 29 kung saan magsisilbing resource person si Matibag at iba pang opisyal ng NBI.

Sinabi ni Matibag na inaalam na ng NBI ang pagkakilanlan ng taong kinausap umano ni Duterte upang madetermina kung ang banta ay hindi lang isang salita kundi may kaukulang aksiyon na.

Binanggit pa ng NBI chief na nananatiling nakaalerto at iniimbestigahan ng mga awtoridad ang mga banta laban sa Pangulo, kabilang na ang mga ginawa sa real time, partikular ang isang insidente kung saan may nagbanta na babarilin ang Presidente at pinost sa isang live event.

"Nakakatakot po kasi 'yung sitwasyon natin… parang it's so easy to say, 'barilin mo 'yung taong 'yan, patayin mo 'yung taong 'yan, 'di ba? 'Kunin mo 'yung ulo ng tao na 'yan,' tapos nagsasabi lang, 'This is all metaphor, wala kaming intensyon,'" saad ni Matibag.

"But if you will investigate and look at the behavior and the pattern, mukhang hindi ito ordinary metaphor. That is actually a threat," dugtong pa niya.

**- ABANTE NEWS**

# APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

**EXTRA**
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com



## "The Travel Partner You Can Trust!"

tico.ca

# Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours

*Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines*

**T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849**



## Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

**VP Sara Duterte impeachment lusot sa kamara; Sara tuloy ang 5-country trip sa Mayo; BIR inutos ang tax audit kay VP Sara, asawa, 9 negosyo; Escudero at Ngu bawal umalis; Bato gustong pumasok subalit natatakot maaresto ng ICC; Sara-Chavit sa 2028 gusto ng dating 'Marcos loyalists'Sa botong 53-0, lusot ang impeachment complaint nina Saballa at Cabrera laban kay VP Sara Duterte matapos makitaan ng probable cause ang 2 reklamo ayon sa House Committee on Justice nitong Miyerkoles, Abril 29, at ang mabigat sa ginawang botohan ay ... Wala ni isa mang kumontra kahit kasangga ni Inday Sara.**

**********

Kasunod nito ay ihahanda na ng justice committee ang report at kalakip na resolusyon para sa susunod na hakbang na iakyat na sa plenaryo ng Kamara de Representantes ay ...

**Kumuha ng 1/3 votes para dalhin na reklamo sa Senado.**

********

Matapos ang botohan, nagmosyon si Rep. Leila de Lima na pag-isahin na lamang ang dalawang impeachment complaint dahil pareho lang ang ginamit na ground ng mga complainant at agad naman itong sinegunduhan ni House Committee on Justice Chair Atty. Gerville Luistro ng Batangas.

**Unanimous at wala rin kumontra sa motion ni Ateng Lei la.**

********

Kayang kumuha ng mahigit 1/3 votes sa mga miyembro ng Plenaryo dahil malakas pa rin ang kapit ni PBBM sa mga Kongresmeyn kahit di na Speaker ng House si Martin Romualdez dahil malayo pa 2028 election at...

**Cong pa rin si Sandro Marcos at Erpat pa rin niya Pangulo.**

********

Sinabi naman ni SP Tito Sotto na handa naman ang Senado kung iaangat ng Kongreso ang impeachment complaint ni VP Sara sa kanila at ebidensiya umano ang tunay na...

**Mananaig at maghahari sa rek - lamo kontra Bise Presidente.**

********

Ang hinihintay daw ng mga Kongresista ay ang impeachment complaint na ipa-file ulit kontra ke VP Sara Duterte matapos ang Pebrero 6, 2026 na katapusan ng one year bar sa unang reklamo kontra VP Sara at iyon ang ...

**Aakyat agad sa Senado dahil sa 200+ pirma ng mga Kong.**

********

Tiniyak naman ni Senate President Tito Sotto na mabilis na aaksiyunan ang impeachment complaint laban kina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at Vice President Sara Duterte sakaling may maghain ng reklamo laban sa kanila at makarating sa Senado.

**"Forthwith" at with dispatch ang aksiyon ni Tito Sen. Aprub. .**

********

Walang VIP treatment nakuha si dating Senador Bong Revilla Jr. ng ikinulong Lunes ng gabi sa Quezon City Jail-Male Dormitory sa Payatas, Quezon City matapos itong sumuko bunga ng kinakaharap nitong kaso sa Sandiganbayan ayon kay DILG Sec. Jonvic Remulla na nagsabing...

**Trabaho lang, walang kaibigan sa kapwa Cavitenong pulitiko.**

********

Sa Enero 23 babasahan ng sakdal si Revilla at iba pang kapwa akusado sa umano'y P92.8 milyong "ghost" flood control project sa Pandi, Bulacan at dito rin tatalakayin ang mosyon ng dating senador na ilipat siya sa PNP custodial center sa Camp Crame, Quezon City.

**Kulong si Bong kahit na kaalyado ni Pres. Bongbong.**

********

Patuloy ang pagbuga ng bulkang Mayon sa Albay Bicol Region ng lava dome at lava flow gayundin ng 338 rockfall events at 72 Pyroclastic Density Currents o "uson" at nakita rin ang crater glow sa bulkan at nagluwa ng nasa 4,970 tonelada ng asupre ng ayon sa latest monitoring sa bulkan ng Phivolcs sa nakalipas na 24 oras habang tinitipa ko ating kolum kayat ...

**Nananatiling nasa ilalim ng alert level 3 status ang Mayon na may mataas na aktibidad.**

********

P10 milyong reward para sa sino mang magbibigay ng impormasyon para maaresto ang negosyanteng si Charlie "Atong" Ang ayon kay DILG Sec Jonvic Remulla nitong Huwebes dahil siya na lamang ang natatanging hindi naaaresto sa 18 akusado sa mga missing sabungero kayat...

**Top 1 Most Wanted na sa Pinas itong si Atong Ang.**

********

Sa mga pinuntahang bahay ni Atong Ang ng mga tauhan ng CIDG sa Metro Manila at Region 4-A ay hindi natagpuan ang negosyante kaya patuloy pa rin ang kanilang ginagawang paghahanap dahil lubhang napakayaman umano ni Ang kaya maraming condo at bahay sa mga mayayamang subdivision at lugar ang kinukonsiderang suyurin ng otoridad. Pero...

**Ang tanong: Nasa Pinas pa ba si Atong Ang?**

# One-time GST top-up papasok sa account ng Canadians sa Hunyo, Grocery Benefit sa Hulyo



***Ang groceries and essentials benefit ng Liberal na gobyerno papasok sa mga bank account ng Canadians sa Hulyo, habang ang one-time GST top-up darating sa Hunyo.***

Ang groceries benefit ng Liberal na gobyerno at ang one-time GST top-up na inanunsyo noong Enero ay magsisimulang pumasok sa mga bank account ng Canadians sa Hunyo at Hulyo.


Noong unang bahagi ng taon, inanunsyo ni Prime Minister Mark Carney ang Canada Groceries and Essentials Benefit, na sinabi niya ay ibu-boost ang natatanggap ng mga pamilya at indibidwal sa pamamagitan ng kanilang GST rebate sa susunod na limang taon.

Ang GST rebate ay isang tax-free payment na tina-target ang mga Canadian na mababa at katamtaman ang kita. Simula sa Hulyo, ang quarterly rebate ay tataas ng 25 porsyento — at mananatili sa mas mataas na lebel na iyon sa susunod na limang taon.

Ang nagpapatuloy na 25 porsyento na boost mangangahulugan na ang isang pamilya na may apat na miyembro na kwalipikado para sa maximum na benepisyo na $1,100 ay makakakuha ng hanggang $1,400 kada taon going forward, habang ang indibidwal na kwalipikado para sa maximum na $540 ay makakakuha ng $700 kada taon.

Simula sa Hulyo, ang GST rebate ay tatawaging Canada Groceries and Essentials Benefit at ito ang makikitang pangalan sa mga bank statement.

Isa pang parte ng affordability announcement ng gobyerno noong Enero ay ang pangako ng mga Liberal na bibigyan ang Canadians ng isang one-time 50 porsyentong top-up sa GST rebate na nakuha nila mula Hulyo 2025 hanggang Hunyo 2026.



Ang one-time top-up na ito ay darating sa Hunyo 5.

Ang one-time boost itataas ang $1,100 maximum na nakuha ng isang pamilya na may apat na miyembro noong Hulyo ng nakaraang taon hanggang Hunyo ngayong taon sa $1,890 at itataas ang $540 na nakuha ng isang indibidwal sa $950.

We are offering this one-time payment to help with affordability and relieve some of that pressure for those who need it most, sinabi ni Wayne Long, ang secretary of state para sa Canada Revenue Agency, sa isang pahayag ngayong Biyernes.


Sino ang eligible para sa GST rebate

Ang income cutoff rate mag-iiba-iba kada taon, depende sa inflation ngunit para maging eligible, kailangan ikaw ay isang Canadian resident para sa tax purposes and at least 19 taong gulang.

Para sa 2024 tax year, kung saan batay ang kasalukuyang payouts, ang isang single person na walang anak na may adjusted net income (kita na binawasan ng eligible deductions) na $56,181 o mas mababa ay makakakuha ng GST rebate.

Ang kasal o common-law couple na may dalawang anak makakakuha ng rebate kung ang kanilang family income ay $66,841 o mas mababa.

Tinataya ng gobyerno na may 12 milyong katao na makakakuha ng GST rebate. - *RCI*






# Ano ang ibig sabihin ng Daniel 2:44-45?

Ang Daniel 2:44-45 ay tumutukoy sa isang propesiya sa Bibliya tungkol sa isang kahariang itatatag ng Diyos, na mananatili magpakailanman at hihigit sa lahat ng iba pang kaharian. Narito ang isang detalyadong pagsusuri:

Ang kaharian ng Diyos ay magiging walang hanggan: "Ang Diyos ng langit ay magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman" (Daniel 2:44). Ang kahariang ito ay hindi kontrolado ng mga tao kundi itinatag ng Diyos mismo.

Ito ay hihigit sa lahat ng iba pang kaharian: Ang kahariang ito ay "dudurog at wawakasan ang lahat ng mga kahariang ito, at ito lamang ang mananatili magpakailanman" (Daniel 2:44). Ipinahihiwatig nito na ang kaharian ng Diyos ay magiging higit na mataas kaysa sa lahat ng kapangyarihan sa lupa.

Pagiging Mapagkakatiwalaan ng Propesiya: Binibigyang-diin ng talata 45 na ang panaginip at ang interpretasyon nito ay mapagkakatiwalaan, na nagpapatibay sa kahalagahan ng propesiya.

Iba-iba ang interpretasyon ng mga iskolar, ngunit marami ang nakakakita sa siping ito bilang tumutukoy sa isang panahon sa hinaharap kung kailan ang pamamahala ng Diyos ay ganap na maisasakatuparan, na magdadala ng kapayapaan at hustisya sa mundo. Naniniwala ang ilan na ito ay may kaugnayan sa paghahari ni Hesukristo sa hinaharap, habang ang iba ay nakikita ito bilang isang mas malawak na espirituwal na kaharian na itinatag sa pamamagitan ng pananampalataya.

***Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng sipi na ito?***

**Daniel (Daniel 2:31-45)**, na naglalarawan ng isang malaking estatwa o imahen na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga kapangyarihan sa mundo.

Narito ang mahahalagang detalye tungkol sa hulang ito:

**Ang Imahen**: Ang estatwa ay may ulong ginto, dibdib at mga bisig na pilak, tiyan at hita na tanso, mga binti na bakal, at ang mga paa ay halo ng bakal at luwad.

**Ang Bato**: Isang bato na hindi inukit ng mga kamay ang tumama sa mga paa na bakal at luwad ng imahen, na nagpabagsak at nagdurog dito.

**Kahulugan**: Ang bato ay sumisimbolo sa Kaharian ng Diyos na wawasak sa lahat ng pamahalaan ng tao (na kinakatawan ng imahen) at tatayo magpakailanman.

**Panahon**: Ayon sa interpretasyon, tayo ay nasa "panahon ng kawakasan" o narating na ang bahagi ng mga paa ng imahen.



# Ano ang Kaharian ni Jehova?

Ang Kaharian ni Jehova ay tumutukoy sa isang sentral na konsepto sa pananampalataya ng mga Saksi ni Jehova, na kumakatawan sa makalangit na pamahalaan ng Diyos na malapit nang papalit sa mga pamahalaan ng tao at magdadala ng kapayapaan, katarungan, at kasaganaan sa mundo. Ayon sa kanilang mga paniniwala, ang kahariang ito ay pamumunuan ni Hesukristo, na maghahari bilang Hari, at wawakasan ang kasamaan, hindi pagkakapantay-pantay, at pagdurusa. Ang kaharian ay nakikita bilang isang literal at pisikal na pamamahala na itatatag sa lupa, at ang pagtatatag nito ay itinuturing na malapit na. Ang konseptong ito ay batay sa mga interpretasyon ng mga banal na kasulatan sa Bibliya, lalo na sa aklat ni Daniel.

# SOVEREIGN ALMIGTHY GOD
# JEHOVAH



## HIGH PRIEST & MESSIANIC KING
# JESUS CHRIST

## CO-RULERS AND PRIESTS
# 144,000

Ang Kaharian ay hindi mamamahala sa pamamagitan ng mga politiko sa mundo.

Sa kagustuhang manatili sa kapangyarihan, lalabanan ng mga politiko ang pamamahala ng Kaharian ng Diyos.— **Awit 2:2-9.**

Pupuksain ng Kaharian ng Diyos ang mga kahariang gusto pa ring mamahala sa mga tao. **(Daniel 2:44; Apocalipsis 19:17-21**)

Ang digmaang ito ay tinatawag na Armagedon. **—Apocalipsis 16:14, 16.**

Lahat ng magpapasakop sa Kaharian ng Diyos ay makaliligtas sa Armagedon at mabubuhay sa mapayapang bagong mundo. Sila ang bubuo sa tinatawag ng Bibliya na "malaking pulutong" na malamang ay aabot nang ilang milyon. —**Apocalipsis 7:9, 10, 13, 14.**

# TANAWIN SA BAGONG LUPA

## ANG BAGONG KAAYUSAN

ISANG SULYAP SA TUNAY NA BUHAY

"Sa panahon [ng pamamahala ni Kristo bilang Hari], mamumukadkad ang matuwid, at mamamayani ang kapayapaan . . . Magkakaroon siya ng mga sakop . . . hanggang sa mga dulo ng lupa."—Awit 72:7, 8, 13, 14.

"Pinatitigil [ng Diyos] ang mga digmaan sa buong lupa. Binabali niya ang pana at dinudurog ang sibat."—Awit 46:9.

"Magkakaroon ng saganang butil sa lupa; mag-uumapaw ito sa tuktok ng mga bundok."—Awit 72:16.

"Magtatayo sila ng mga bahay at titira sa mga iyon, at magtatanim sila ng ubas at kakainin ang bunga nito. Hindi sila magtatayo pero iba ang titira, at hindi sila magtatanim pero iba ang kakain. . . . Lubusan silang masisiyahan sa mga gawa ng kanilang mga kamay."—Isaias 65:21, 22.

"Ang tolda ng Diyos ay nasa sangkatauhan . . . Papahirin niya ang bawat luha sa mga mata nila, at mawawala na ang kamatayan, pati ang pagdadalamhati at ang pag-iyak at ang kirot."—Apocalipsis 21:3, 4.






# TANDAAN

DAHIL SA MGA TURO NI JESUS, NATUTULUNGAN ANG MGA TAO NA GAWIN ANG TAMA. LAHAT NG SUMUSUNOD DITO AY MAGKAKAISA AT MAGIGING MAPAYAPANG MGA SAKOP NG KANIYANG GOBYERNO



# Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www. JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"






TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg Image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***